



## MENSAHE NG TAGAPANGASIWA

---

**Marso 12, 2021**

Sana ay ligtas kayong lahat at malusog. Sa update na ito, ibinibahagi ko ang ilan sa bagong impormasyon sa ating mga plano ng muling pagbubukas, pagbibigay ng mga update sa ating lupon ng sesyon ng pag-aaral sa mga pasilidad, paggawa ng ilan sa mga pangunahing pagkilala, at pag-aalok ng ilan sa paparating na mga event na maaaring interesante para sa ating mga tauhan, pamilya, komunidad, at mga kaibigan.

### **MGA UPDATE SA MULING PAGBUBUKAS**

Ang distrito ay nagpaplanong na magbukas muli ng ating mga paaralan para sa mga oportunidad ng pag-aaral sa summer sa pagsisikap na mabawasan ang potensiyal ng kakulangan sa pagkatuto na naganap dahil sa pandemyang COVID-19. Tinatapos namin ang mga plano para sa pinahabang taon ng pag-aaral at mga paaralan sa summer, na nakatakdang magsimula sa Hunyo. Karagdagan pa, ang distrito ay nagpaplano ng pagsasaayos para sa muling pagbubukas sa darating na taglagas para sa taon ng pag-aaral 2021-2022.

Ang grupo ng namumuno sa akademya ay gagawa ng presentasyon para sa aming mga plano ng muling pagbubukas at sa darating na board meeting. Layunin namin na magkaroon ng sapat na oras ng pagplano para matiyak na makapaglalaan kami ng mataas na kalidad ng programa habang pinoprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga estudyante, at mga pamilya.

Kaugnay ng balita, ang batas ng estado ay nagpasa kamakailan ng Assembly Bill 86, na naglalaan ng mga insentibo para sa mga paaralan sa estado na magbukas muli. Sa pagkakataong ito, hindi kami naniniwala na ang pinansiyal na mga pakinabang ay mas mahalaga sa panganib ng pagmamadali sa aming mga plano ng pagbubukas at ikompromiso ang kalidad ng pagtuturo at sa ating mga protokol ng kalusugan at kaligtasan.

Nakatuon kami sa pagpaplano para sa pagdaragdag ng antas ng aming personal na pagtuturo sa darating na summer at susunod na taglagas. Magbibigay ito sa amin ng pinakamahasag na oportunidad upang matiyak namin na napananatili ang walang kapantay na kalidad, matibay na mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan, at magandang disiplina sa buong taon habang tayo ay nagpapatuloy.

### **KALUSUGAN NG PAG-IISIP AT KAGALINGAN**

Ang pandemya at ang mga hamon nito ay nagdulot ng ating pagtutuon ng pansin sa kalusugan ng pag-iisip at kagalingan na mas mahalaga sa iba. Bilang bahagi ng pagsisikap na ito, inaanyayahan namin ang ating mga pamilya at tauhan na makibahagi aming mga Serye ng kaligtasan ng Tauhan at Estudyante, Kalusugan ng Pag-iisip at Kagalingan. Ang mga virtual na event ay tumatalakay sa mga paksa tulad ng kagalingan, kamalayan, harapin ang pagdadalamhati, at depresyon at pagkabalisa.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang <https://www.banning.k12.ca.us/Virtual-Learning-Information/index.html>.

## MGA SESYON NG PANGANGASIWA NG LUPON SA PAG-AARAL

Ang Banning ay nagtatrabaho upang suriin ang kasalukuyang kalagayan ng lahat ng pasilidad ng distrito. Sa pamamagitan ng prosesong ito, ang distrito ay nakatingin sa mga yugto ng modernisasyon na naantala at kung paano makakatulong ang aming mga pasilidad sa world-class na pampublikong edukasyon na nagpapayaman sa mga kasanayan ng kritikal na pag-iisip sa ika-21 siglo, pagkamalikhain, komunikasyon, at pagtutulungan. Ang susunod na virtual na sesyon ng pag-aaral ng lupon ay sa Sabado, Marso 27, mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng hapon.

## MGA PAGKILALA

Nasa ibaba ang ilan sa mga pagkilala at update na gusto kong ibahagi:

- Kabilang sa ating Student Advisory Meeting ng Tagapangasiwa noong nakaraang buwan ang ilan sa napakagagandang ideya na nauugnay sa ating pagbabalik sa personal na pagtuturo. Ang mga estudyante ay nananabik nang bumalik, at ibinahagi nila ang mga ideya tungkol sa pagsunod sa personal protective equipment (PPE) para sa mga batang estudyante. Napakakagaganda ng kanilang mga tanong!
- Sisimulan ng mga tauhan ng Banning ang proseso ng pagtatanim ng puno upang parangalan ang mga miyembro ng tauhan na namatay sa taong ito: Sina Lisa Acosta at Lydia Taylor. Ito ay pambihirang paraan upang alalahanin ang dalawang indibidwal na ito na lubhang naging mahalaga sa komunidad ng ating paaralan.
- Nakumpleto ko na ang mahigit 20 silid-aralan na pagbisita. Ipinagmamalaki ko ang ating mga estudyante at mga guro sa kanilang pagtitiyaga at pagtutuon ng pansin sa panahong ito ng virtual na pag-aaral.
- Nagpapasalamat ako sa ating mga tauhan na bumalik na ngayon sa ating mga gusali. Patuloy nilang sinusunod ang ating mga protokol sa kalusugan at kaligtasan gamit ang personal protective equipment (PPE), at ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya sa mahirap na panahong ito.

## GAGANAPIN NA MGA EVENT

Ang ilan sa mga pangunahing petsa na dapat tandaan kabilang ang mga sumusunod:

- **My-On Parent Training:** Miyerkules, Marso 17 sa ganap na 5:30 ng hapon (English); 6:00 ng hapon (Espanyon). Ito ay isang programa ng online na pagbabasa ng mga estudyante.
- **Virtual Board na Sesyon ng Pag-aaral sa mga Pasilidad:** Sabado, Marso 27, 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng hapon
- **Regular na Virtual Board Meeting:** Miyerkules, Marso 31 sa ganap na 4:30 ng hapon

## ANG AMING MISYON

Ang Banning Unified School District ay iba't ibang komunidad na nakikipagtulungan upang bumuo ng responsible, magalang at handang mga estudyante para maabot ang kanilang buong kakayahan.

## KASABIHAN SA LINGGONG ITO - BUWAN NG PAGPAPARANGAL SA MGA KABABAIHAN

*“Ang angkop na pamamaraan ng tagumpay ay hindi sa kung gaano ka kalapit sa distansya ng layunin na mahirap abutin kundi ang kalidad ng nagawa mo ngayon [upang ito ay maabot].” - Sonia Sotomayor, U.S. Supreme Court Justice*